

## PAG-AGOS NG LAVA

Kasama sa mga panganib sa bulkan ang mga pag-agos ng lava, mga airborne particle ng abo, baga, at volcanic glass, mga corrosive na volcanic gas, paggalaw ng lupa, at mga bitak sa lupa.

**Mga Pag-iingat**

- Maghandang lumikas.
- Alamin ang mga sistema ng babala sa iyong komunidad.
- MAGHANDA SA IBA PANG KAUGNAY NA SAKUNA: lindol, flash flood, landslide, mudflow, at tsunami.
- Maghanda ng plano sa paglikas at survival kit.
- Bumuo ng plano sa komunikasyong pang-emergency.
- Hilingin sa isang kapamilya o kaibigan na hindi mo kasama sa bahay na magsilbing “contact ng pamilya.”
- Maghanda ng goggles at throw-away breathing mask para sa bawat miyembro ng sambahayan.

### PLANO NG AKSYON

- ✓ Maghandang lumikas.
- ✓ Isara ang lahat ng bintana at pinto.
- ✓ Ilagay ang mga hayop at livestock sa mga saradong shelter kung maaari.
- ✓ Iwasan ang mga mababababang lugar kung saan maaaring maipon ang mga nakalalasong gas.
- ✓ Kung maiipit malapit sa batis, mag-ingat sa pag-agos ng putik.
- ✓ Gumamit ng goggles para protektahan ang mga mata.
- ✓ Gumamit ng face mask, dust mask, o takpan ang mukha ng mamasa-masang tela upang makatulong sa paghinga.
- ✓ Lumayo sa mga lugar ng lava flow.

## PAGGUHO NG LUPA

Nangyayari ang isang “pagguho ng lupa” kapag itinutulak ng puwersa ng gravity ang lupa pababa, na kadalasang dahil sa sobrang pag-ulan.

**Mga Pag-iingat**

- Lumayo sa mga lugar kung saan madaling gumuho ang lupa.
- Maging pamilyar sa lupa sa paligid mo.
- Obserbahan ang mga gilid ng burol sa paligid ng iyong tahanan para sa anumang mga bitak o palatandaan ng paggalaw ng lupa.
- Maglagay ng ground cover sa mga slope para sa stabilization.
- Bantayan ang mga pattern ng storm water drainage sa mga slope na malapit sa iyong tahanan.

### PLANO NG AKSYON

- ✓ Saliksikin ang geologic at hydrologic history ng iyong lugar.
- ✓ Maghandang lumikas.
- ✓ Lumayo sa mga pader na nakaharap sa mga burol.
- ✓ Iwasan ang mga bumagsak na linya ng kuryente.
- ✓ Patayin ang gas, kuryente, at tubig, na maaaring magdulot ng karagdagang pinsala.

## WILDFIRE

Madaling magkaroon ng mga wildfire sa buong Hawaiian Islands, lalo na kapag matagal ang tagtuyot at malakas ang hangin.

**Mga Pag-iingat**

- Wastong itapon ang mga bagay na madaling masunog.
- Linisin ang mga kalat sa paligid ng iyong bahay.
- Regular na linisin ang bubong at alulod.
- Gumamit ng mga materyales na hindi madaling masunog kapag nagtatayo.
- Magtanim ng halaman na hindi madaling magdudulot ng sunog.
- Bumili ng mga fire extinguisher at ihanda ang mga ito.
- Mag-install ng mga smoke detector sa lahat ng kuwarto, subukan minsan sa isang buwan.

### PLANO NG AKSYON

- ✓ Tumawag sa 911 sa unang pagkakita ngwildfire.
- ✓ Kung makakita ka ng nagbabagang halamanan, patayin ito gamit ang fire extinguisher kung magagawa mo ito nang ligtas.
- ✓ Magtanim ng mga halaman na hindi madaling masunog, na makakatulong na labanan ang pagkalat ng apoy sa iyong tahanan.
- ✓ Maghandang lumikas.
- ✓ Makinig sa mga awtoridad.

# KAHANDAAN SA MGA NATURAL NA KALAMIDAD

**Hawai‘i Emergency Management Agency**

ready.hawaii.gov

*Funding is provided by the Federal Emergency Management Agency, National Earthquake Hazards Reduction Program, Individual State Earthquake Assistance Grant, EMF-2021-CA-00015. Tagalog Translation 2022*



## BAGYO

Malakas na hangin, malakas na ulan, pagbaha, mapaminsalang hampas ng alon, at pagbaha sa baybayin.

**Alamin ang Mga Termino**

Kung may inilabas na “mag-antabay,” inaasahang tatama ang bagyo sa loob ng 36 na oras. Manatiling alerto. Kung may inilabas na “babala,” inaasahang tatama ang bagyo sa loob ng 24 na oras o wala pang 24 na oras.

**Mga Pag-iingat**

- Kapag may “mag-antabay,” makinig sa radyo/TV para sa mga tagubilin.
- Ipunin ang iyong mga emergency supply.
- Maghanda ng personal na plano sa paglikas.
- Ihanda ang mahahalagang numero ng telepono, mapa, at iba pang mahahalagang dokumento.
- Mag-stock ng dagdag na pagkain, baterya at inuming tubig.
- Kumuha ng seguro sa baha.
- Magkabit ng mga hurricane storm roof clips at shutter o precut na marine plywood para sa mga bintana.

### PLANO NG AKSYON

- ✓ Alamin kung saan ka sisilong mula sa bagyo kung pinayuhan na umalis sa iyong bahay.
- ✓ Kapag may babala, lagyan ng tabla ang mga bintana.
- ✓ Ikabit o itabi nang maayos ang mga bagay na maaaring tangayin ng hangin.
- ✓ Umalis sa mga lugar na maaaring bahain.
- ✓ Kapag malalakas ang hangin, manatili sa loob ng bahay at malayo sa mga bintana. Panatilihing sarado ang mga bintana.
- ✓ Lumayo sa mga panlabas na dingding at pinto.



## TSUNAMI

Isang serye ng mga mapanirang alon ng karagatan na maaaring makaapekto sa lahat ng mga baybayin at maaaring mangyari nang may limitado o walang babala.

**Alamin ang Mga Termino**
Paunawa:  Lumayo sa katubigan.
Mag-antabay:  Posibleng magkaroon ng mga tsunami; maghandang lumipat sa ligtas na lugar.
Babala:  Umalis kaagad sa mga lugar sa may baybayin.

**Mga Pag-iingat**
- Alamin kung ang iyong tahanan, paaralan, o lugar ng trabaho ay nasa tsunami inundation zone.*
- Kumuha ng seguro sa baha.
- Magkaroon ng plano sa paglikas at pang-14 na araw na emergency supply kit.
- Pumili ng tagpuan na malayo sa baybayin at may kataasan.

* Ang mga mababang lugar sa baybayin, dalampasigan, daungan, at batis na umaagos patungo sa mga karagatan ay ang pinakamadaling maapektuhan ng mga tsunami.

### PLANO NG AKSYON

✓ Lumikas kaagad kung ikaw ay nasa inundation zone at may narinig kang opisyal na babala o may naramdaman kang mga natural na palatandaan ng isang tsunami (hal. malakas na pagyanig ng lupa o hindi pangkaraniwang aktibidad ng karagatan).
✓ Pumunta sa mas mataas na lugar o lumikas paakyat sa ika-4 na palapag o mas mataas pa sa isang reinforced concrete o structural steel na gusaling may 10 o higit pang palapag.
✓ Huwag ipagpalagay na wala nang panganib kapag humupa na ang isang alon. Ang susunod na alon ay maaaring mas malaki kaysa sa una.
✓ Huwag pumunta sa inundation area.
✓ Umuwi lamang sa bahay kapag nag-abiso na ang mga awtoridad na ligtas na itong gawin.

## LINDOL

Matinding pagyanig ng lupa na bigla-biglang nangyayari.

**Mga Pag-iingat**
- Ilagay ang flashlight, tsinelas o sapatos, at radyo sa lugar kung saan madaling maaabot ang mga ito.
- Ikabit nang mabuti ang mga mataas na bookcase at mga file cabinet.
- Ikabit nang mabuti ang mga tangke ng propane at mga water heater.
- Ikabit nang mabuti ang mga appliance at mga computer sa mga wall stud.
- Kumuha ng lisensyadong kontratista na magkakabit ng bracing sa pundasyon ng bahay.
- Kumuha ng lisensyadong kontratista na magkakabit ng mga flexible na koneksyon sa mga linya ng gas at tubig upang maiwasan ang mga pagsabog.
- Ikabit nang mabuti ang mga overhead lighting fixture.

### PLANO NG AKSYON

✓ YUMUKO, MAGTAGO AT MAG-ANTABAY. Yumuko at pumunta sa ilalim ng isang matibay na mesa.  Takpan ang ulo at leeg gamit ang isang braso. Mag-antabay hanggang sa tumigil ang pagyanig.
✓ Lumayo sa mga gusali, streetlight, at utility wire.
✓ HUWAG tumakbo patungo sa exit. YUMUKO, MAGTAGO AT MAG-ANTABAY.
✓ SA MATATAAS NA GUSALI: Manatili sa palapag kung nasaan ka; huwag gumamit ng elevator.
✓ HUWAG MAGMANEHO. Huminto sa gilid ng kalsada at manatili sa sasakyan. Huwag ihinto ang sasakyan sa ilalim ng mga tulay, overpass, o mga overhead na linya ng kuryente.

## PAGGUHO

Ang pagguho ng baybayin ay nangyayari kapag gumuguho ang lupa sa baybayin at lumalapit ang dagat, na karaniwang dahil sa paghampas ng alon dulot ng taglamig o bagyo.

**Mga Pag-iingat**
- Kumonsulta sa mga eksperto at mga ahensya ng Estado at/o county na pamilyar sa pagguho ng baybayin at maaaring magrekomenda ng naaangkop na pagkilos.
- Suriin ang posibilidad na ilipat ang mga tirahan at iba pang istruktura nang mas malayo sa baybayin.

### PLANO NG AKSYON

✓ Alamin ang mga sapat at partikular sa lugar na setback mula sa baybayin at mga naaangkop na kasanayan sa landscaping at pagde-develop.
✓ Sumunod sa mga building code at mga regulasyon sa paggamit ng lupa; sumangguni sa FEMA Coastal Construction Manual para sa mga alituntunin.
✓ Magtanong at humingi ng payosa mga tamang awtoridad.



## TAGTUYOT

Ang tagtuyot ay isang panahon ng hindi normal na tuyong panahon. Dahil sa tagtuyot, humihina ang natural na daloy ng sapa at nauubos ang moisture sa lupa, na maaaring magkaroon ng mga epektong panlipunan, pangkapaligiran, at pang-ekonomiya.  Ang tagtuyot ay malapit ding nauugnay sa mga sanhi ng wildfire.

**Mga Pag-iingat**
- Magtabi ng sapat na supply ng inuming tubig.
- Matutong magtipid ng tubig.
- Magdilig ng bakuran sa umaga o sa hapon kapag hindi na ganoon kainit.
- Magdilig tuwing makalawang araw.
- Alisin ang mga tuyong kalat sa iyong ari-arian upang maiwasang magsimula o kumalat ang mga wildfire.

### PLANO NG AKSYON

✓ Tiyaking nakapatay ang gripo ng tubig pagkatapos gamitin. Makakatipid ka ng hanggang 3 galon ng tubig kada minuto.
✓ Mag-install ng mga showerhead na matipid sa tubig o mga flow restrictor. Makakatipid ka ng hanggang 75% bawat shower.
✓ Maghintay hanggang sa magkaroon ka ng isang buong load bago gamitin ang iyong washing machine o dishwasher. Makakapagtipid ka ng hanggang 33 galon.
✓ Alamin kung may mga tagas sa iyong mga tubo. Maaaring magdagdag ng $30 sa iyong buwanang singil sa tubig ang tubong may tagas.

## BAHA

Mabilis na pagbaha sa mga batis, lambak, at iba pang lugar na madaling bahain.

**Alamin ang Mga Termino**
Kung may inilabas na “mag-antabay,” posibleng bumaha. Manatiling alerto. Kung may inilabas na “babala,” malapit nang bumaha o bumabaha na.

**Mga Pag-iingat**
- Alamin kung nakatira ka sa isang posibleng flood zone.
- Kumuha ng seguro sa baha.
- Ikabit nang mabuti ang iyong tangke ng tubig upang maiwasan ang pinsala sa ari-arian o personal na pinsala.
- Huwag lumapit sa mga drainage channel.
- Alamin ang mga posibleng hindi ligtas na lugar sa ibaba ng mga dam at reservoir.
- Makinig kung may mga abiso ng paglikas.

### PLANO NG AKSYON

✓ Lumayo sa tubig-baha; huwag subukang lumangoy, maglakad, o magmaneho dito.
✓ Iwasan ang mga bumagsak na linya ng kuryente.
✓ Huwag uminom ng tubig mula sa gripo (maaaring kontaminado).
✓ Ilipat ang mahahalagang bagay sa mas mataas na palapag.
✓ Kung na-trap ka at mabilis na tumataas ang tubig sa paligid mo, lumabassa iyong sasakyan at umakyat sa mas mataas na lugar.